

**Meteor Garden Rewind:
Pagsipat sa Fenomenon, Estilo, at Konteksto ng Saling Pantelebisyon**

***(Meteor Garden Rewind: Analysis of Phenomenon,
Style, and Context of Televisual Translation)***

Raquel E. Sison-Buban
De La Salle University-Manila
sison-bubanr@dlsu.edu.ph

ABSTRAK

Sa patuloy na pag-unlad ng larangan ng araling pagsasalin, hindi mapasusubaliang kumawala na ito sa angkla ng linggwistika at tumawid na sa larangan ng kultura. Hindi na sapat ang pag-unawa lamang sa isang tekstong salin mula sa liwanag ng tradisyon ng katapatan, o kawastuan, o pagiging natural ng isang salin. Dahil ang isang tekstong salin ay isa ring salamin ng umiiral na kultura sa panahon ng produksiyon nito, hindi na makasasapat lamang ang pagbasa sa tekstong salin nang hiwalay sa konteksto nito. Tatlo ang pangunahing layunin ng papel na ito: (1) Mailarawan ang Meteor Garden (MG) bilang isang fenomenon ng saling pantelebisyon; (2) masuri ang estilo ng pagsasaling ginamit sa MG bilang estratehiya sa pagsasaling pantelebisyon; at (3) matalakay ang kahalagahan ng pag-unawa sa konteksto ng isang akdang salin bilang pangunahing determinant sa pagsasalin nito.

Mga Susing Salita: Meteor Garden, dubbing, Asianovela, indirect translation, polysystem theory, translation phenomenon

ABSTRACT

As the field of translation studies evolves, we cannot deny the fact that its anchorage has already gone beyond the discourse of linguistics. It is no longer enough to just consider whether the translated text is faithful, or accurate, or if it has achieved the “naturalness” index of its rendition. It is now necessary to consider the context of the translated text since the source text reflects a particular culture at the time of its production. This paper intends to: (1) describe Meteor Garden (MG) as a phenomenon of televisual translation in the Philippines; (2) analyze the style of translation used in MG as a strategy in translating texts for television; and (3) illustrate the significance of determining the context of the source text vis-à-vis its target text production.

Keywords: *Meteor Garden, dubbing, Asianovela, indirect translation, polysystem theory, translation phenomenon*

Panimula

Sapul nang pumasok ang *Meteor Garden* sa pantelebisyonng danas ng sambayang Pilipino noong 2003, pinalamlam nito ang ningning ng mga Tagalog speaking Mexican telenobela stars na pinangunahan ni *Marimar*. Hindi man ito tuluyang nawala sa pang-araw-araw na programa sa telebisyon, hindi maikakailang unti-unti naman itong nabawasan. Lalo pa itong lumamlam nang dumagsa na rin ang mga Koreanovelang magpahanggang ngayon ay nananatili pa ring isa sa mga regular na putahe ng mga TV networks. At dahil mahigit sampung taon na tayong naaliw at nababaliw sa panonood ng mga imported na programang ito na naka-dub sa Filipino, makatwiran lamang na ito ay sipatin at tayahin hindi lamang dahil sa pagiging phenomenally hit nito kundi bilang isang “translation phenomenon” o fenomenon ng salin na may angking kalikasan at mga katangian.

Marami nang pag-aaral at pananaliksik ang naisagawa tungkol sa fenomenon ng pagpasok ng mga Chinovela o Asianovela sa ating bansa partikular ang *Meteor Garden*. Batid nating ang MG ay isang Taiwanese adaptation ng Japanese Manga seryeng *Hana Yori Dango* o *Men are Better Than Flowers/Boys Over Flowers/Men Over Dumplings*. Kalimitan, ang mga pag-aaral na ugnay sa *Meteor Garden* ay nagbigay-tuon sa pag-aaral ng teksto at ng produksiyon nito. Halimbawa ng pag-aaral na kabilang sa pagsusuri ng tema at estruktura ng naratibo ay ang “The Localisation of the Hana Yori Dango Text: Plural Modernities in East Asia” ni Yoshida (2011); saliksik na ginamitan ng lenteng pangkasarian gaya ng “From Korean Wave to Korean Living: *Meteor Garden* and the Politics of Love Fantasies in Taiwan” ni Yang (2012), at *Meteor Garden* bilang isang tekstong salin—na nagbigay-tuon sa dubbing bilang anyo ng salin, sa “Paano ang Boses Papel?” na nalathala sa Pinoy Voices Online. Nagkaroon na rin ng pag-aaral sa produksiyon nito na nagbigay-tutok naman sa ginamit na estilo ng pagbebenta ng ABS-CBN network na nagdala nito sa ating bansa (Paano pinauuso ang uso? Isang pag-aaral sa Popularisasyon ng *Meteor Garden* nina Guinto at Chua, isang undergraduate thesis mula sa DLSU noong 2005), na tumalakay kung paano ito naging commercially hit bilang isang produkto ng kulturang popular. Napag-aralan na rin kung ano ang naging estilo ng lenggwaheng ginamit sa pagboboses sa *Meteor Garden* na “Translating Concepts: The Chinovelas in the Philippine Context” ni Sison-Buban (2005). Ilang beses na rin itong napag-usapan sa print, broadcast, new media, pati na rin sa mga sulok-sulok at kanto sa bansa. At sa tuwing magkakaroon ng re-run ang ABS-CBN (*Meteor Garden: The Full Edition*, 2006) man o ang GMA (2007), remake kuno (*Brat Boys Beyond*, c.2011), at rewind (2014); o sa tuwing ipalalabas ang

adaptation ng Korea na *Boys Over Flowers*, o ang Japanese version nitong *Hana Yori Dango*, tila isang mahabang epikong paulit-ulit na nire-recite at binabalikan ng sambayanan ang usapan, kuwentuhan, at kung minsan ay awayan dahil sa paghahambing-hambing sa kung ano ang pinakamagandang bersyon. Subalit sa lahat ng mga “usapang” ito, hindi nababanggit ang usapin tungkol sa fenomenon ng salin. Walang anumang kuro o akawnt tungkol sa fenomenong ito ng salin.

Sa mga nabanggit na halimbawa ng mga pag-aaral, halos aspekto lamang ng dubbing bilang isang estilo ng salin ang madalas na napagtutuunan ng pansin at hindi bilang isang produktong salin na may tiyak na lugar sa larangan ng Araling Pagsasalin. Kalimitan, ang mas sinisipat ay ang estika ng salin (kung masining ba, katanggap-tanggap o baduy, o papatok sa masa o hindi) sa halip na halaga nito bilang isang sistemang namamayani sa mas malawak na diskurso ng lipunan, panitikan at kasaysayan.

Kaya’t nang muli itong iere ng ABS-CBN noong ika-7 ng Abril 2014 bilang *Ultimate Throwback* tuwing hapon sa loob ng isa’t kalahating oras, umaani na naman ng atensiyon ng mga manonood lalo’t panahon ng bakasyon. Mahalagang balikan at muling sipatin ang naturang programa.

Tatlo ang pangunahing layunin ng papel na ito: (1) mailugar ang *Meteor Garden* (MG) bilang isang fenomenon ng saling pantelebisyon; (2) masuri ang konsepto ng pagsasaling ginamit sa MG bilang kinondisyong estratehiya sa pagsasaling pantelebisyon; at (3) mailarawan ang konteksto ng isang akdang salin bilang pangunahing determinant sa pagsasalin nito.

Sipat sa Fenomenon ng Salin

Kadalasang ipinagpapalagay na hindi gaanong mahalagang bahagi ng kasalukuyang umiiral na sistemang pampanitikan ang mga genre ng panitikang pambata, thriller stories, bestsellers, romance novels, kasama na rin ang buong sistema ng mga akdang salin. Gayunpaman hindi natin dapat balewalain ang mga ganitong genre sapagkat ang mga naturang kategorya ng panitikan ay hindi maitatatwang bahagi rin ng panlipunan, kultural, pampanitikan at pangkasaysayang dalumat ng bayan. Pangunahing konseptong nagbubunsod dito ang sistemang nakapaloob dito, na laging may pagbabago-bago ng anyo o “mutation” na isang tanda ng tunggalian sa pagtatamo ng pangunahing posisyon sa itinuturing na literary canon. Ibig sabihin, katulad ng mga akdang produkto ng kulturang popular, nakikipagtagisan din ito sa pagtatamo nang mas mataas na posisyon maging sa sariling kinapapaloobang sistema. Sa pananaw na ito nananangan ang teoryang polysystem na isinulong ni Israeli translation scholar na si Itamar Even-Zohar (Munday, 2012). Sa teoryang ito, ipinahayag ni Even-Zohar ang kanyang pagtutol sa “tradisyunal na estetikang pagdulog” na ginagamit sa pagkilatis sa

mga itinuturing na “high literature”; binigyang-diin din niya na ang mga akdang salin (gaya ng mga dubbed) ay mga akdang may sariling sistemang kinapapalooban: (1) una, kung paano pinipili ng kultura ng target na lenggwahe ang akdang isasalin; at (2) pangalawa, kung paanong naapektuhan ng mga pamantayan o standards, mga kalakaran at patakarang umiiral ang iba pang kaugnay na mga sistema (Munday, 2012). Ibig sabihin, tulad ng ibang akdang pampanitikan, kanonisado man o nasa “periphery”, hindi basta na lamang sumusulpot ang mga akdang salin. Ito ay produkto ng malay na interbensyon ng nagdedesisyong o ng sinumang nakakakita ng utilitarian function ng akdang isasalin gaya ng kung sino ang tagasalin, tagakonsumo, institusyong makikinabang, maging ang paraan ng pagsasalin sa akda, halimbawa, dubbing o subtitling, at ang pangkalahatang impact o hatak nito sa manonood.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Guinto at Chua (2005), inilahad nila kung paanong nakapasok sa ating babad sa mga Western oriented dominated programming ang isang Chinovela mula sa Taiwan. Hindi ang *Meteor Garden* ang kauna-unahang Chinovela na inere sa ating telebisyon. Ang totoo, noon pa mang dekada ‘70 at ‘80 may mga Chinese movies nang ipinalalabas sa programang Chinese Variety Show na ineere nila sa orihinal na wikang Chinese na siya ring target odyens nito. Wu Xia, o swordplay ang kadalasang genre ng mga ito na may halong palipad-lipad sa ibabaw ng tubig na ginagawa ng mga tauhan sa galaw na tila isang uri ito ng pagsasayaw (Guinto at Chua, 2005). Samantala, maaaring ang unang Chinovelang dubbed sa Filipino ay ang love story nina Boni at Joana sa *Love Under the Sunset* noong mga huling dekada ng 1970. May kalabuan ang istorya nito bagamat sinasabing hango ito sa mga subtitled na pelikula nina Bruce Lee at Alexander Fu Sheng at iba pang pelikulang kung fu na kinawilihan naman ng mga manonood na Pinoy. Iyon nga lang, gaya ng mga progmanag Chinese movies na naunang itinanghal, hindi rin naging matagumpay ito dahil na rin sa limitado ang mga manonood (Guinto at Chua, 2005).

Ligtas na sigurong sabihin na ang *Meteor Garden* ang kauna-unahang Chinovelang dubbed sa Filipino na umani ng malawakang suporta mula sa mga manonood na Pinoy. Ayon sa AGB Nielsen Philippines, Mega Manila, umabot ito ng 63.8% sa ratings—ang pangalawa sa pinakamataas sa buong kasaysayan ng Philippine TV nang unang beses na inere ito, kumpara sa *Rosalinda* ng ABS-CBN (1999) na may 69.8% at *Marimar* ng RPN 9 na may 61.7%).

Sa panayam nina Guinto at Chua sa program acquisitions manager na si Ms. Joy Bautista ng ABS-CBN, ikinuwento nito na nagmula ang ideya sa kanilang VP Enrico Santos na nakabalitang pinagkakaguluhan sa Indonesia ang isang Chinese TV Series. Hindi ito resulta ng pagpili sa listahan ng mga Chinovela kundi dala na rin ng pagkakataon, sapagkat kaisa-isang serye lamang ito na kanilang natingnan. At dahil nga sa kaisipang “West is best” ng Pinoy programmers, hindi nila sineryosong tiningnan ang pag-import ng mga Chinese/Asian drama o Chinovela, hanggang noong

taong 2002 kung kailan sinimulan ng Viva Television ipakilala ang terminong “Chinovela” bilang kanilang kasagutan sa mga Mexican o Spanish telenovela (PCIJ 2003 sa Guinto at Chua 2005). Sa tagal nang pamamalagi ni Baustista (2005) sa acquisition, hindi pa niya kailanman nabalitaan ang tungkol sa Chinovelang *Meteor Garden*. Ayon sa kanya, marahil hindi nababanggit ng suplayer ang patungkol sa Chinovelang iyon dahil hindi nila naiisip na magkakapuwang ito sa Pilipinas. Matapos ang maraming pananaliksik, survey, FGDs, at mas maraming meetings sa big bosses, hindi na nga napigilan ang pagpasok ng *Meteor Garden* at iba pang Asianovela. Ano ang saysay ng kuwentong ito?

Kung babalikan ang polysystem theory ni Even-Zohar (Munday, 2012), kung paano pinipili ng kultura ng target na lenggwahe ang akdang isasalin para sa telebisyon, malinaw na HINDI konsiderasyon ang husay o sining na teksto o akdang isasalin; hindi rin tinitingnan bilang konsiderasyon sa pagpili ang katangiang kultural ng akda, at lalong hindi batayan ng pagpili ng materyal na isasalin kung makakatulong ba ito sa popularisasyon ng wika at kulturang pagsasalinan. Ibig sabihin, hiwalay sa pangangailangan o dikta ng kultura ang dahilan ng pagpili. Ano, kung gayon ang kanilang batayan ng pagpili? Simple. Ang kultura ng komersyalismo o benta. Maibebenta ba ang produktong salin? Kakagatin ba ito ng masa? Panonoorin ba ito? Maaari ba itong pagkakitaan nang lubusan? At siyempre, ang ultimang dahilan: Tataas ba ang reyting ng network? Matatalo ba nila ang kalabang network?

Kung ilulugar ang *Meteor Garden* at iba pang mga akdang tulad nito sa istrata ng mga salin, maibibilang ito bilang isang akdang nakalugar sa sistemang sekundaryo o iyong mga akdang itinuturing na “peripheral.” Mga akdang ipinagpapalagay na hindi masyadong importante o hindi gaanong mahalaga. Kalimitang nangyayari ito sa mga maliit na bansang dumanas ng pananakop ng isang mas malaki at mas makapangyarihang bansa. Dinodolina ng makapangyarihang kultura nang mas malaking bansa ang mga papaunlad pa lamang na bansang tulad halimbawa ng Pilipinas. Isang patunay rito ang hindi mamatay-matay na diskurso ng tagisan ng wikang Filipino at wikang Ingles. Kahit sa sabihing hindi naman dapat maging magkalaban ang dalawang wika dahil parehas itong kailangan ng bansa – wikang Filipino para sa ugnayang panloob at wikang Ingles para naman sa ugnayang panlabas, hindi ito tinatanggap ng maraming Pilipino.

Bagamat totoong galing sa mga bansa sa Asia ang marami sa mga telenovelang isinasalin at ipinalalabas sa ating lokal na telebisyon, subalit wikang Ingles pa rin ang wikang tulay na ginagamit sa mga pagsasalin—at hindi ang mga simulaang lenggwahe ng mga akdang isinasalin.

Kabilang din sa mga akdang nasa ganitong istratum na kalimitang naima-market sa ibang bansa ay ang mga akdang mula sa ibang bansang may mataas na antas ng komersyalismo at hindi rin bahagi ng “canon o high literature.” Ang mga akdang salin

na kabilang sa istratum na ito ay hindi gaanong nakakaapekto sa namamayaning sistema at kalimitang may konserbatibong estilo at tradisyonal na mga katangian bilang pagsunod sa kagawiang pampanitikan ng target na lenggwahe; ibig sabihin, de cajon at de formula rin. Karaniwan, sa kategoryang ito kabilang ang mga akdang saling pantelebisyon. Gayunpaman, may mga pagkakataong ang isang akdang salin ay naibibilang sa namamayaning sistema. Kalimitan ng mga ganitong salin ay mga bersyong salin ng mga namamayaning kalakarang pampanitikan, halimbawa ng mga nobelang maituturing na klasiko. Sa mga ganitong pagkakataon, hindi kinakailangang sumunod ang estilo ng isang salin sa kung ano ang namamayani at mas kalimitang kumakawala ito sa tradisyon ng namamayaning sistema ng kulturang pinagsasalinan.

Nakalulungkot isipin na sa loob ng halos sampung taon, sa halip na mas lalong umunlad o mag-evolve ang mga lokal na produksiyong pantelebisyon, sa halip na makapagbigay ng bago at orihinal na atake sa programa, mas dumami, at lumaganap ito sa ibang parte ng Asia, tila hindi ito gaanong umuusad. Totoong nariryan pa rin ang mga local na teleserye, subalit, marami sa mga ito ay adaptasyon din ng mga nauna na nating napanood na Mexican at Asianovela: halimbawa, may Philippine adaptation tayo ng *Marimar* (2007), *My Girl* (2006), *Ako si Kim Sam Soon* (2008), *Full House* (2009), *Lovers in Paris* (2009), *Stairway to Heaven* (2009), *Endless Love* (2010), *Coffee Prince* (2012), at marami pang iba; mayroon din tayong paulit-ulit na remake ng *Darna* (2005 at 2009), *Dyesebel* (2008 at 2014), *Galema* (2013), *Da Adventures of Pedro Penduko* (2006), at marami pang iba.

At siyempre pa, nariyan ang paulit-ulit na pag-eere ng *Meteor Garden* na umabot na sa ngayon sa ikapitong beses, —tatlong beses sa ABS-CBN, isang beses sa Cinema One na isa ring ABS-CBN Filipino Movie Channel, isang beses sa GMA Network, at sa QTV, at noong 2014, sa ABS-CBN pa rin bilang pagdiriwang kuno sa ika-10 Anibersaryo ng Asianovela sa bansa. Samantala, ganito rin ang naging kalakaran ng mga Koreanovela gaya ng *Autumn in My Heart* na apat na beses nang inere ng GMA. Tila lalong nabalaho ang ating mga programa sa konsepto ng pagsasalin sa telebisyon—kung hindi dubbed, adaptation, o kaya remake, o sa mas madaling salita, panggagaya. Bagamat sa hiyerarkiya, mas mataas ang pagpapahalagang ibinigay ng manonood sa dubbing kaysa remake o adaptasyon nito gaya ng isinasaad ng pag-aaral ni Molina (2011). Mas madalas din, mga teleserye ang iniimport nating mga programa para isalin at hindi iyong mga dokumentaryo, edukasyonal, o tungkol sa siyensiya at teknolohiya. Alam natin kung paano tinapos ng Mexican telenobela ang era ng mga teleserye nang walang patumanggang iyakan, pang-aapi sa bida, at kawalang-kasiguruhang ending. Samantala, lalo namang pinaigting ng era ng Asianovela ang pag-import natin ng mga entertainment programs sa labas ng bansa. Sa tala ng PIDS o Philippine Institute for Development Studies (2004), 27-29 oras sa loob ng isang linggo, o 19-20% ng airtime ng ABS-CBN ang nakatalaga para sa mga

imported na telenovelas; habang 30-32 na oras naman, o 25-27% ng airtime ang sa GMA. Sa katunayan, isinusulong ng dating mayor ng Maynila, at ngayon ay Buhay Partylist Rep. Lito Atienza ang House Bill 3839 na naglalayong ipagbawal ang lahat ng “foreign produced teleseryes” sa mga oras ng primetime, mula 6:00-10:00 ng gabi bawat araw. “Bagamat ito ay nakakaaliw, “kinakain naman nito ang primetime schedules ng mga television companies.” Bunga nito, napupunta sa mga “unfavourable timeslots” ang mga lokal na programa at nawawalan tuloy ng gana ang mga prodyuser na mag-produce pa ng sariling programa na mag-e-empleyo sa mga local talent natin.

Anupa’t isang dekada na ngang mahigit na mainstay ng TV programming ang mga Asianovela. Akala natin magbubunsod ng mga makabagong estilo ng pagbuo ng istorya ang mga higitang network na “umaaliw” sa atin. Akala natin, hindi na magiging de cajon o de formula ang ating mga mapapanood. Hindi pala. Nangangahulugan lamang na tanggap na tanggap na ng manonood ang konsepto ng mga franchised programs na dubbed at remake o adaptasyon ng mga foreign media content. O, sa mas madaling salita, tanggap na tanggap na natin ang panggagaya.

Hindi ko sinasabing masama ang pagsasagawa ng adaptasyon. Kung tutuusin, isa ito sa pinakamahirap na anyo ng salin. Tinawag ni Jakobson sa Bassnett (2002) ang ganitong anyo ng salin bilang intersemiotic translation o transmutation. Sa ganitong uri ng pagsasalin, nabibigyan ng panibagong pakahulugan ang isang sistemang verbal sa pamamagitan ng pagbabago ng anyo nito. Maaring mula sistemang verbal patungong sistemang di-verbal. Samakatuwid, hindi lamang wika o varayti ng wika ang nababago sa ganitong uri ng salin, kundi maging ang anyo ng mismong akdang isinasalin. Halimbawa: isang tula na nilapatan ng iba pang anyong sining gaya ng musika, sayaw, cinema o pagpipinta. Ang ganitong uri ng salin ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng isang malikhaing transposisyon. Isa ito sa pinakamahirap gawing uri ng salin sapagkat hindi na de cajon ang laman ng interpretasyon. Ibig sabihin, sadyang maaaring kumawala sa kumbensyon ng orihinal na anyo ng akda ang salin. Malaya siyang bigyan ng panibagong timpla ang kanyang bersyong salin. Sison-Buban (2012).

Simula ng Fenomenon

Natuto ang ABS-CBN sa pagbulaga sa kanila ng RPN Channel 9 sa kanilang Mexican telenobelang *Marimar*. Sa pag-aaral ni Tauro (2003), hindi inakala ng sinuman, ni mismong may-ari ng RPN 9 na magiging isang fenomen ng tagumpay ang *Marimar*. At dahil sa karanasang ito, tiniyak ng ABS-CBN na magagarantiyahan ang kita ng *Meteor Garden*. Kung suntok sa buwan ang naging pagsalang sa *Marimar* sa telebisyon, tiyak at planado ang naging pagsabak ng F4/o ng JVKV (Jerry Yan, Vic Zhou, Ken Chu, Vanessa Wu) sa primetime. Alalahanin natin na noong unang inere ang *Marimar* noong 1996, inilagay ito sa slot pagkatapos ng pananghalian. Ano ang slot na ito? Ito ang 1:00-1:30 ng tanghali kung kailan tapos na ang mga gawaing bahay,

nakatulog na ang mga bata, at wala ng gagawin ang mga kasambahay. Ibig sabihin, wala nang iba pang mapapanood. Kaya't nang hindi nila inakalang papatok ito sa masa, nag-double telecast ang *Marimar*. Isa sa tanghali, at isa sa primetime ng 6:30 n.g.

Sa pakikipanayam nina Guinto at Chua (2005), paulit-ulit na itinatugon sa kanila ang salitang “synergy”—ang magkakasabay na paggamit ng lahat ng anyo ng mass media liban pa sa tatlong popular midyum nito na radyo, TV at print—bilang instrumento ng pagpapakilala at pagpapalaganap ng isang programang bago pa sa pananaw ng manonood. Ibig sabihin, binadyetan ng ABS-CBN nang “bonggang-bongga” ang kampanya upang ma-saturate ang lahat ng posibleng maging midyum ng komunikasyon upang ipaalam, ipatanda, at sa kalaunan ay kondisyunin ang manonood na isang magandang produkto para sa kanila ang *Meteor Garden*. Tandaan nating bahagi ng teaser at tagline ng ABS-CBN na ang “MG ang no. 1 telenobela sa bansang Taiwan at Indonesia”. Ibig sabihin, wala tayong ideya sa kung ano ba ang *Meteor Garden* na ito—kung maganda ba ito o basura. Subalit dahil sa estratehiya ng synergy gamit ang multi-media technology ng dambuhalang network na ABS-CBN, naging gayon kalakas ang impact at reception ng mga Pinoy audience. Naniwala ang manonood na dapat ngang panoorin ang MG. Hindi na kailangan pang sabihin, na ito ang kumain ng napakalaking badyet sa pagpapalabas ng MG. Kaya't hindi na rin nakapagtataka kung gayon, kung bakit maliit lamang ang kalimitang napupunta sa voice talents ng mga ganitong dubbed na programa.

Maaaring magbunsod ng malikhaing bunga ang pagsasagawa ng mga adaptasyon. Maaaring magamit ito bilang estratehiya upang makabuo ng isang natatangi, mas makabuluhan, at maka-Pilipinong bersyong inaasahang makapag-aambag sa lalong pag-unlad ng sining ng pagsasagawa ng teleserye sa bansa. Isang pambihirang potensiyal ito na maaaring magbigay ng pagkakataon sa manood na lalong pahalagahan hindi lamang ang wikang Filipino, kundi maging ang kanyang pagka-Pilipino. Pero hindi ito ginagawa dahil mangangahulugan ang pagsaling ito ng muling paglikha o pag-aakda. Ibig sabihin, mas magastos ito at mas mangangailangan nang mas malaking badyet mula sa network.

Sa isang lipunang mas maraming mahirap kaysa may kakayahang mabuhay nang marangal at makatarungan, nananatili pa ring isang mahalaga at murang anyo ng libangan ang panonood ng telebisyon. Pero siyempre, kahit naman mahirap, nagsasawa rin sa paulit-ulit na menu ng mga programang laging malayo sa realidad. Ito marahil ang isang dahilan kung bakit paulit-ulit na nahu-hook ang mga manonood sa *Meteor Garden*.

Totoong hindi magaling magsiarte ang mga F4 at si Barbie pero sila pa rin ang uso dahil uso ngayon ang mga chinito at chinito naman sila; baduy at jologs ang dating ng kanilang mga suot kung ihahambing sa Korean version nitong *Boys Over Flowers* dahil totoo namang binadyetan ito ng Korea; nariyan pa rin ang walang kupas na

tema ng pang-aapi ng mayaman sa mahirap, pangarap ng magulang na makapag-aral ang kanilang anak sa magandang paaralan; na edukasyon pa rin ang pangunahing pasaporte tungo sa magandang kinabukasan (bagamat masyadong naging literal ang pakahulugang ito ng pamilya ni San Chai); na sexist ang ilang eksena nito; na kahit gasgas na ang CD ng theme songs nilang *Can't Help Falling for You* ni Harlem Yu, at "你要的爱" or *The Love You Want* ni Penny Dai ay kinikilig o kinikilabutan ka pa rin sa tuwing iyong maririnig. Kaya't kahit sampung taon na ang lumipas simula nang ito ay huling ipinalabas at sampung taon na rin ang mga nadagdag sa kani-kanilang mga edad (at sa iyo na rin)— isang oras at kalahati pa rin ang inuubos sa panood nito tuwing 4:30 ng hapon. Maaaring isipin tuloy, ano nga ba ang "hatak" nito sa manonood at tila hindi maawat at hindi makalimutan ang MG? Ito na ba iyong isang atake ng "nostalgia?" Isang pagbabalik sa nakalipas bilang pag-alaala sa isang panahong hindi pa sinasalanta ng bagyong Yolanda ang bansa, ang malupit na hagupit ng katotohanang matagal tayong nalinlang ng mga pulitikong pinagkatiwalaan ng kanilang PDAF, o isang lumalalang sintomas ba ito ng kadahupan sa imahinasyon at pagkamalikhain o "creative desertification" ng mga hinirang na sugo ng bantay-ratings ng kanilang kinabibilangang network? O hindi kaya isang pahiwatig ng kawalan ng pagbabago at pag-unlad ng kabuhayan nating mamamayan sa nakalipas na isang dekada?

Ang Kumikitang Salin at Di-nakikitang Tagasalin

Nang hinawan ng Mexican telenobelang *Marimar* ang daan para sa pagpasok ng mga banyagaing programang primero'y nakaboses sa Tagalog na may tokenismo ng wikang Kastila, na sinundan ng pagdagsa ng mga Chinovela at Koreanovelang nakaboses sa Filipino-Taglish, kasabay ding nabuksan ang daan para sa napakaraming voice talents o dubbers na bagama't walang karanasan sa bagong opisyo ng dubbing ay sumabak agad-agad sa gabay lamang ng mga batikang dubbers na gaya nina Danny Mandia (dubbing director), Pocholo Santos (dubber ng tatay ni San Chai), Benjie Durango (dubber ni Dao Ming Zi), Ryan Ang (Mandarin translation consultant ng MG), Christiane Villanueva (dubber ni San Chai), Robert Brillantes (dubber ni Xi Men), at Jayjo (dubber ni Hua Ze Lei). Sa isa sa panayam, sinabi nilang 500 hanggang 800 pesos ang bayad sa kanila sa bawat recording. Medyo malaking pera na iyon 10 years ago lalo't estudyante pa lamang ang istatus mo at hindi ka binubuwisan. Sapat na ang konting bakgrawn sa teatro, ang pagkakaroon ng 5-7 iba-ibang boses (Alba 2009) na maaari mong gamitin nang may tamang lapat ng emosyon, tiyaga sa pagbabantay ng sinkronisasyon ng buka ng bibig sa boses na lalabas, pagiging magaling sa pakikisama at pagiging bukas sa pagwawasto ng dubbing director, at lakas ng pangangatawan sa pagpupuyat sa studio para sa recording dahil kalimitang 10:00nu -2:00 nu kinabukasan ang inilalaan na recording time ng estasyon, maaari ka nang magkaroon ng mga proyektong ida-dub.

Sadyang maraming rason na maaaring maibibigay sa paulit-ulit na pag-eere ng isang palabas—at ang kalimitang dahilan, mura kasi at walang masyadong puhunang kinakailangan sa pag-re-replay ng isang programang alam nilang may niche audience o malawak na fanbase. Ito ang lumalalang sakit ng dubbing pantelebisyon—one time big time lamang ang bayaran; walang royalty-royalty.

Sa tesis na “Paano paano po ba ang boses papel?” na mula sa UP Diliman, malinaw na inilarawan ang realidad ng mundo ng mga dubber : “Wala masyadong pagkilalang ibinibigay sa mga dubber kung ating mapapansin. Hindi na kasi lumalabas sa credits ang kanilang mga pangalan. Sa isyung ito, may dubbers na nais ng pagkilala at mayroon naming tanggap na nasa likod lang sila ng artistang kanilang binobosesan.

May ilang dubbers na may hinanakit sa estasyong pinagtrabahuhan nila dahil bukod sa wala na ngang pagkilalang ibinibigay sa kanila, maliit pa kung tutuusin ang kanilang sahod kung ikukumpara sa malaking kinikita ng estasyon sa mga programang ginagawa nila. Tubong lugaw ang termino nila sa estasyon. Sana man lamang daw ay may pagbibigay-halaga sa kanilang ginagawa.”

Ito ang dahilan kung bakit kinakailangang sipatin ang isang akdang salin bilang isang produktong salin na nakaapekto sa mga pamantayan o standards, mga pag-uugali at patakarang umiiral na kaugnay ng iba pang mga sistema .

Hindi lamang kasi ito usapin ng pag-maximize sa economic value ng isang komoditi. Kailangang seguruhin na bahagi ng pagbibigay ng karampatang pagpapahalaga, pagkilala, at kompensasyon sa mga translators, dubbing editors, at voice talents/artists, kasama na rin pati ang mga nasa technician ng Pro Tools at engineers ng mixing na siyang namamahala sa sounds, effects at music matapos ang dubbing. Kailangang magbayad rin ng royalty sa kanila ang network sa tuwing eere ang isang produkto ng kanilang talent, kasanayan at kahusayan. Sa totoo lamang, mas magagaling pa ang dubbers natin kaysa sa mga buong cast ng MG sa pagbato ng mga linya kaysa sa mismong acting ng cast. Dahil sa totoo lamang, nasa kamay ng tagasalin, ng dubbing director at ng voice talents/artists ang tagumpay o kabiguan, o kung tatangkilikin ng mga manonood o hindi ang isang programang dubbed.

Estilo ng Salin

Maikokonsider ang dubbing na isa sa dalawang pangunahing midyum ng ‘paglilipat-wika’ partikular ng mga produktong audio-visual. Sa pagpapakahulugang ito, lumalagay ang dubbing bilang kapalit ng mga dayalog at narration ng banyaga o source language (SL) tungo sa lenggwahe ng mga viewing audience, ang target language (TL). Samakatuwid, sapagkat walang interbensyon ang tagasalin at dubber sa viswal na aspekto ng teksto, nagaganap ang aktwal na pagsasalin sa “muling paglikha” ng

realidad para maging katanggap-tanggap sa mga manonood ang kanilang naririnig sa kanilang nakikita. Gamit ang pragmatics ng wikang pinagsasalinan o target na lenggwahe, matagumpay na nakaka-relate ang odyens sa kanyang pinanonood. Dahil dito, nakasentro ang bawat gawain ng dubbing sa paglalapat nang tamang emosyon at damdamin sa bawat pagbato ng linyang isinalin. Kailangan kasing dumikit ang boses ng dubber sa imaheng biswal ng karakter. Ibig sabihin, kinakailangang makatulong ang boses at ang saling –diyologo upang maunawan at maramdaman ng manonood ang karakter sa programa. Gayunpaman, mahalagang maikonsider sa bawat gawaing pagsasalin lalo na sa pamamagitan ng dubbing na hindi maaaring maging ganap ang paglilipat-impormasyon at paglalarawan ng kultura sapagkat nasa mismong kalikasan ng dubbing at ng mga requirements nitong pamproduksyon nakatadhana ang saklaw at limitasyon ng pagsasalin. Sa esensya, walang perpektong salin sapagkat ang lahat ay pawang aproksimasyon lamang. Ibig sabihin, dahilan sa parehas na pasalita ang pinanggagalingan at inaasahang kapupuntahan ng salin, kinakailangang ikonsider ang paghabol sa tumbasan sa tinatawag na extra lip synchronization. Ito ang nakikitang isa sa pinakapangunahing balakid para sa pagtatamo ng sinasabing “accurate translation.” Kung бага, hindi maiwasang dumaan sa dagdag-bawas ang salin dahil kailangang ikonsider ang pangangailangan sa synching. Sa kaso ng *Meteor Garden*, dahil sadyang mas maiikli ang mga salita sa Chinese, di maiwasang sa isang eksena pa lamang ay marami nang masabi ang karakter na kung isasalin sa Tagalog o Filipino ay talagang hindi naman tutugma sa biswal ang acoustic dahil lahat ng salita sa Tagalog ay sounded. Kaiba sa paraan ng pag-dub sa mga Spanish telenovela na mas Tagalog ang varayti, sa mga Chinovelas ay malinaw na Taglish ang ginamit dahil nga sa mas maiikli mga bokabularyong ginagamit. Kahit pa sabihin ng estasyon at ni Mandia na dubbing director ng MG na sinikap nilang gamitin, hangga’t maaari ang “Tagalog”, di-maikakailang Taglish ang rendisyon ng mga salin.

Ano ang implikasyon ng ganitong kalakaran? Narito ang halimbawa ng salin ng isa sa pinakapopular na linya sa *Meteor Garden*:

- a. “Aanhin pa ang parak kung makukuha sa sorry ang lahat?”
- b. “Kung pwede ang paumanhin, aanhin pa ang parak?”
- c. “Aanhin pa ang pulis kung lahat madadaan sa sorry?”
- d. “Kung may nagagawa ang paumanhin, ano pa ang silbi ng mga alituntunin?”

Pansinin na higit na kolokyal o kumbersasyunal ang mga salin a, b at c. Samantala, konserbatibo at may pagkapormal naman ang himig ng salin d. Ang salin a, b, at c ay mula sa fansubs (subtitles ng fans ng MG), samantalang ang salin d ay ang bersyong salin ng ABS-CBN. Pansinin na mas Tagalog ang pamantayang ginagamit ng

dubbers ng estasyon kaysa sa preferens ng mga manonood (fans) nito. Samantala, ito naman ang subtitle sa Ingles ng MG Episode 1, Part 2 (2:39-3:55) : “If apologies could help, would we still need the police?”

Malayo ang bersyon ng mismong manonood sa bersyong salin ng mga dubber, samantalang mas malapit naman sa salin sa Ingles ang bersyong salin ng mga manonood.

Liban sa mga diyalogong isinalin, naging problematiko din ang mga Chinese names ng mga karakter. Nagbabago-bago kasi ang bigkas ng mga pangalan ni San Chai at Dao Ming Zi batay sa nagiging bigkas ng dubbers. May mga pagkakataong ang San Chai ay nagiging Shan Chai, o kaya naman ay Chan Chai, at iba pa. Isang naging solusyon para sa mga sumunod na Asianovela ay bigyan ng ibang pangalan ang mga karakter at iayon ito sa pangalang Ingles gaya ng (Vivian, Carlo, Martin—*Lovers in Paris*, ABS-CBN, 2005), (Johnny, Andrew, Jenny—*Endless Love*, GMA, 2005).

Isang mahalagang factor ito na dapat ‘malay’ ang translator. Ibig sabihin, dapat ay may kabatiran siya kung para saan o ano ang layunin ng kanyang isasagawang pagsasalin. Kung para I-subtitle, mas maaaring bigyang-fokus niya ang sining ng kanyang lenggwaheng gagamitin; samantala, kung para sa dubbing, mahalagang ikonsider niya mismo ang kolokyal na antas ng wikang kanyang gagamitin para matamo niya ang aktwal na tunog ng wikang kanyang pinagsasalinan o iyong tinatawag na *Pinoy sound*.

Ano naman ang tinatawag nating Pinoy sound? Tunog/tono/dating na Pinoy. Hindi masyadong pormal at akademiko ang tunog, bagamat hindi naman maikokonsider na balbal o lalawiganin ang antas ng pamantayang pangwikang ginamit. Kailangang nakakikilig ang lenggwahe, may maituturing na hugot pandamdamin.

Marami sa mga naisagawang pag-aaral tungkol sa dubbing pantelebisyon ay laging pumupuna sa estetika ng pagkakasalin. Maganda ba ang salin? Nakakakilig ba? Maganda ba ang delivery ng mga linya? Bagay ba ang boses sa karakter? Laging sa mga katanungang ito umiinog ang pagbibigay ng puna sa isang salin. May katwiran naman talaga na masagot ang mga katanungang nabanggit. Gayunpaman, kahit kailan, hindi maaaring magkaroon ng tinatawag na perfect synchronization dahil sadyang magkaibang mga wika ang kasangkot sa dubbing. Ibang-iba ang estruktura ng wikang Filipino sa wikang Ingles. At kahit pa man siguro tumambling sa alambre ang isang dubber at ang dubbing director at editor, hindin-hindi niya ito magagawang maisakto sa bukas ng bibig. Ang kanyang bukod-tanging magagawa lamang ay i-minimize ito; upang hindi gaanong mapansin ng manonood. Mas mabuti sigurong ang pagtuunan ng

pansin ay ang nilalaman o ang ipinahayag at estilo ng pagpapahayag na ginamit upang matiyak na babagay ito sa visual na simbolo na siyang mga karakter.

Dito papasok ang kalahagahan ng Relevance Theory ni Gutt (1991). Pinakapangunahing batayan ng pananaw na ito ang pagtanggap sa katotohanang hindi sa proseso ng encoding at decoding ng mga koda nakasalalay ang ganap na komunikasyon kundi nasa mismong nagpapahayag nito na nagbibigay ng mga ebidensiya ng kanyang layunin sa pakikipagtalastasan. Maaaring ang mga ebidensiyang ito ay linggwistikal, kontekstwal o parehas.

Ibig lamang sabihin, hindi lamang nasa sinabi nakasalalay ang mga kahulugang maaaring magamit sa pag-unawa ng isang manonood kundi maaaring nasa ekstra verbal na mensahe, at di-verbal na mga pahiwatig gaya ng konteksto: ang mga manonood, ang kanilang edad, sosyo-ekonomikong kalagayan, pinag-aralan, mga karanasan sa buhay, maging ang kanilang pangangailangan at bahagi sa kasaysayan.

Kung ilalarawan ang konsepto ng pagsasaling isinagawa sa MG, di-tuwirang salin o indirect translation ang kalimitang ginamit. Tinatanggap ng di-tuwirang salin ang realidad na hindi maisasalin nang ganap ang kahulugan ng orihinal sa pagtawid sa mga guwang na konteksto. Ibig sabihin, kinikilala ang kontekstwal na pagkakaiba-iba ng mga materyal liban pa sa linggwistikal na katangian nito. Lagpas sa kahingiang linggwistikal ang pangangailangan sa pag-unawa ng kahulugan; at itinuturing pa ring isang katanggap-tanggap na anyo ng salin ito. Hindi na lamang sa kamay ng tagasalin nakasalalay ang lahat ng pangunahing kahulugan at asampsyon ng orihinal na teksto kundi iyong pinakamaituturing na makabuluhan lamang para sa mga tagatanggap o target na manonood.

Kongklusyon

Tinalakay sa papel na ito ang *Meteor Garden* bilang isang fenomenon ng salin na paulit-ulit pinagkakakitaan ng mga network habang hindi napahahalagahan ang mga taong nasa likod ng paglikha sa produktong ito. Gamit naman ang lente ng polysystem theory ni Even-Zohar, naipatanaw na bagamat itinuturing na kabilang sa “periphery” ang mga ganitong imported at dubbed na programa, nananatili namang dinodolina nito ang mga programang ineere sa local FTA na telebisyon. Tinalakay din kung paanong nagkakaroon ng “adjustments” sa nilalaman at rendisyon ng salin sa tuwing ikokonsidera ang “technical requirements ng lip synchronization” at kung paanong konteksto ng manonood ang nagsisilbing tulay sa pag-unawa at pagbubuo ng pagpapakahulugan.

Ano ang kabuluhan o saysay ng *Meteor Garden* sa buhay ng mga manonood na Pilipino? Nostalgic ngang balikan ang panahong nakalipas na nagdulot ng kilig at aliw sa karanasan ng manonood ng *Meteor Garden* kahit hindi pa nahuhuli ng mga parak

ang mga criminal ng PDAF; habang kakaunting-kakunti pa rin ang mga kabataang Pinoy na nakapapasok sa pangmayamang paaralang nagwawasiwas ng K to 12 na pasaporte raw sa magandang kinabukasan habang lumalaki na rin ang bilang ng mga gurong na-displace at nawalan ng trabaho bunsod ng agarang implementasyon ng programang ito; nakakakilig pa rin ang away-bating-romansa nina Dao Ming Zi, San Chai, Hua Zi Lei bagamat hindi na tayo kinikilig sa tensiyong dulot ng ating pakikipagrelasyon sa China at Russia ng kasalukuyang pamahalaan bunsod ng agawan sa mga isla ng Benham Rise; at naaliw pa rin tayo sa mga programang nakaayon sa pormula ng MG bagamat hindi na tayo naaliw sa halos 400 kapwa Pilipinong nasawi sa krisis sa Marawi.

Paulit-ulit nating pinanood ang *Meteor Garden* hindi bilang isang akdang salin kundi bilang isang akdang isinalin para tayo ay patuloy na aliwin sa pagtangkilik sa mga produktong hindi atin. Patuloy tayong pinapapanood ng *Meteor Garden* dahil napakalaki ng kita nila sa ganitong mga uri ng produkto kahit binabarat pa rin ang talent fee ng mga artista at technician na nasa likod ng produksiyon nito. Paulit-ulit tayong nakapanonood ng MG at mga katulad nito dahil nananatiling ganito ang uri ng mga programang kalimitang inaangkat upang isalin at dahil tila hindi pa humuhupa ang pagkahaling ng manonood na Pinoy sa mga naturang uri ng programa. Natitiyak kong darating din ang panahong bibigyan ng katumbas na adaptasyon ng mga dambuhalang network ang *Meteor Garden* dahil alam na alam nila na may tatangkilik nito. Pero sana, tulad ng isang plaka o tape na paulit-ulit ding nire-rewind, magasgas din ito hanggang sa hindi na mapakinabangan. Sana lamang sa kakaulit at kaka-rewind sa *Meteor Garden*, magsawa rin tayo sa panonood sa kanila upang maghanap naman tayo ng bago, ng kakaiba; mas mabuti, ng tungkol naman sana sa sarili natin. Isang programang sa halip na aliwin tayo bilang manood, ay bubulabugin tayo upang matutuong magdiskurso, magnilay, mag-organisa, at kumilos tungo sa isang higit na makabuluhan, makatotohanan, at makabayang pagtataguyod ng lipunan.

Sana sa oras ng primetime, tayo naman ang programa.

SANGGUNIAN:

Alba, Reinerio A. 2009. "Filipino Voices in Imported Telenovelas." NCCA. Manila. Philippines. <http://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/in-focus/filipino-voices-in-imported-telenovelas/>

Alejo, Annie. 2003. "F4: More than your average boy band." *Sun Star Manila*. http://www.geocities.ws/meteor_garden_clan/article1.htm

Aveling, Harry. 2005. "Two Approaches to the Positioning of Translations: A Comparative Study of Itamar Even-Zohar's Polysystem Studies And Gideon Toury's

Descriptive Translation Studies and Beyond.” *Kritika Kultura Journal* 6. Philippines. <http://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/kk/article/view/1541>

Bassnett, Susan. 2002. *Translation Studies*. Psychology Press.

Díaz Cintas, Jorge at Sánchez, Pablo Muñoz. 2006. “Fansubs: Audiovisual Translation in an Amateur Environment.” *The Journal of Specialised Translation* 6. http://www.jostrans.org/issue06/art_diaz_munoz.pdf

Guinto, Angela at Chua, Joey Stephanie. 2005. “Paano pinauuso ang uso? Isang pag-aaral sa Popularisasyon ng Meteor Garden.” Di-nalathalang tesis. De La Salle University, Manila.

Gutt, Ernst-August. 1991. *Translation and Relevance: Cognition and Context*. Routledge.

Molina, Maritoni B. 2011. “Made in Korea, Remade in the Philippines: The Audience Perception of Koreanovela Remakes.” Unpublished thesis. UP College of Mass Communication.

Munday, Jeremy. 2012. *Introducing Translation Studies: Theories and Applications*. (3rd Edition). Routledge, New York.

Sison-Buban, Raquel E. 2011. “Saling Abueg: Ang Pagtatagpo ng Ideya at Praktika ng Pagsasalin” *Malay* 24 (1). <https://ejournals.ph/article.php?id=8009>

_____. 2004. “Meteor Garden: The Search For A Theory of Dubbing Within The Filipino Context.” A Paper Presented to the 10th International Conference on Translation. Kota Kinabalu, Sabah, Malaysia.

Tauro, Janet Hope. 2003. “In Focus: Telenovela, Anime Transform Landscape of Philippine TV.” NCCA. <http://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/in-focus/telenovela-anime-transform-landscape-of-philippine-tv/>

Yang, Fang-chih Irene. 2012. “From Korean Wave to Korean Living: Meteor Garden and the Politics of Love Fantasies in Taiwan.” *Korea Observer* 43 (3). http://www.tobiashubINETte.se/hallyu_4.pdf

Yoshida, Hitomi. 2011. “The Localisation of the Hana Yori Dango Text: Plural Modernities in East Asia.” *New Voices* 4. <http://newvoices.org.au/volume-4/the-localisation-of-the-hana-yori-dango-text-plural-modernities-in-east-asia/>

Pinoy Voices Online. "Paano po ba ang boses papel?"
<https://pinoyvoices.wordpress.com/interviews/dubbing-article/paano-po-ba-ang-boses-papel-1/>

Tungkol sa may-akda:

RAQUEL E. SISON-BUBAN

Associate Professor sa Departamento ng Filipino; tapos siya ng Ph.D. *Ladderized Program* sa Filipino (with high distinction), major sa Pagsasalin sa De La Salle University, 2003. Tinapos naman niya ang kanyang B.S.E. major sa Filipino (*cum laude*) sa Philippine Normal University, 1989. Tumanggap din siya ng gantimpala sa pagsulat ng tula at sanaysay mula sa Komisyon sa Wikang Filipino nang taong 2004. Isa rin siya sa mga Lead Academic consultants ng E-Media branch ng ABS-CBN Foundation para sa *Pahina* Values Education Project EASE Araw at Textbook writer at evaluator ng IMCS Deped. Madalas din siyang kabilang sa mga proyektong pagsasalin na isinusulong ng Departamento ng NLP-CCS ng Pamantasan. Sa kasalukuyan, siya ang koordineytor ng Programang Gradwado ng Departamento ng Filipino, at ang naninilbihang pangulo ng PATAS (Pambansang Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin).